



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG LAHAT NG KINABUKASAN AY MALAPIT LAMANG

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Bismillahir Rahmanir Rahim.

الْيَسَّ الصُّبْحُ بِقَرِيبٍ

“Alaysas subhu biqareeb.” “Hintay, ang umaga ay malapit na.” (Sura Hud:81) Ang oras ay lumilipas ng napakabilis. Kung ikaw ay nagsasabi ng “Alaysas subhu biqareeb,” si propeta Musa Alayhis Salam ay nagdasal kay Allah Azza wa Jalla na sirain si Pharaoh. Iyon ay isang bagay na nangyari pagkalipas ng 40 taon. Ito ay nagpapakita na “Kullu aatin qareeb,” Ibig Sabihin nito ay lahat ng mangyayari kinabukasan ay malapit lamang.

Ang Allah(awj) ay nagbigay aral sa lahat ng tao sa pamamagitan ng Propeta Musa Alayhis salam, sa kanyang pagsabi ng hindi ba’y umaga’y malapit na? Iyon ay isang aralin, at wag kang mag-aksaya ng panahon sa wala dahil sinasabi mong kinabukasan pa siya na malayo pa. Gawin mo ang lahat ng kabutihan habang may oras ka pa at gamitin mo ang lahat sa kabutihan. Gamitin mo ayon sa kailangan mo sa Mundo at sa Kabilang buhay. Wag mong iisipin na meron ka pang oras. Ang Oras ay lumilipas ng napakabilis.

May mga nakatagong karunungan sa mga salitang ito. Ika’y magugulat na ilang saglit lang na 40 na taon na o 50 na taon or dumating na ang iyong kamatayan. Karamihan sa mga tao ay nagsasabing ako ay magHaHajj sa susunod na taon na, ako’y magdadasal kinabukasan na, ngunit pag ikaw lumaki na tignan mo kung ikaw nga ba ay mayroon nagawang kabutihan sa mga taong nagdaan. Di mo na maibabalik ang mga oras na lumipas.

Ang Allah Azza wa Jalla ay nagbigay ng napakabigat na aralin sa pamamagitan ni Propeta Musa alayhis salam. 40 na taon ang dumaan, Oo at hindi ganun kadali ang paglipas ng 40 na tao pero ito ay lumilipas kahit ano man ang mangyari. Gamitin mo na ang pagkakataon ngayon. Gumawa ka na ng kabutihan.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

وَأَفْعُلُوا الْخَيْرَ

“Waf'alul khayr.” (Sura Hajj:77) “Gumawa ka ng Mabuti.” Gumawa ka ng Mabuti at wag kang gumawa ng Masama. Gumawa ka ng Mabuti at alamin mo ang kahalagan ng Oras. Sana’y bigyan taoy ng Allah ng lakas para gamitin ang oras sa kabutihan. Ngunit sa kagustuhan ni Allah azza wa jalla, kaya niyang punuin ang isang oras. Sana’y maging kaaya-aya tayo sa Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
9 February 2016/25 Rabiul Akhir 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Baraka
2. Without baraka